Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Mga sagot sa Mga Payak na Pangungusap

Panuto: Tukuyin kung ang simuno at panaguri ng bawat payak na pangungusap ay payak o tambalan. Sa patlang isulat ang titik **P** kung ang simuno o panaguri ay *payak* at **T** kung ito ay *tambalan*.

simuno	panaguri	
T	**P**	1. Ang tito, tita, at mga pinsan ko ay magbabakasyon sa Boracay.
P	**T**	2. Si Andres ay nagising, bumangon, at dumungaw sa bintana.
T	**T**	3. Si Ginang Trinidad at ang kanyang tatlong anak ay pumunta sa grotto at nag-alay ng mga bulaklak sa imahen.
T	**T**	4. May magandang-loob at laging mapagkakatiwalaan si Jean at ang kanyang kambal na si John.
P	**P**	5. Naawa si Nicole sa mga taong nasalanta ng dumaang bagyo.
P	**T**	6. Nanalo sa paligsahan at tumanggap ng gantimpala ang pinakamahusay na mang-aawit.
P	**P**	7. Dinarayo ng mga dayuhang turista ang mga magagandang tanawin.
T	**P**	8. Ang guro at ang mga mag-aaral ay nagpasalamat sa doktor.
T	**P**	9. Ang panggatong, papel, at ibang kasangkapan sa bahay ay nanggagaling sa mga punongkahoy.
P	**T**	10. Ang ating mga ninuno ay sumamba sa kalikasan at naniwala sa makapangyarihang diyos na tinatawag nilang Bathala.
T	**T**	11. Sina Rodel at Tricia ay sumakay ng dyip at bumaba sa harap ng Simbahan ng Quiapo.
P	**P**	12. Puno na ng barya ang alkansya na gawa sa kawayan.
P	**T**	13. Kami ay lumibot sa Palawan at kumuha ng maraming ritrato ng iba't ibang hayop.
T	**P**	14. Ang mga mang-aawit at mga mananayaw ay nakikinig sa mga direksiyon ng direktor.
P	**P**	15. Ang Koran ay ang banal na aklat ng mga Muslim.